SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

# KASANAYAN AT KARANASAN SA PAGSULAT NG MGA MAG-AARAL SA SENIOR HIGH SCHOOL

**Maria Nelita M. Fayloga[1], Rodel B. Guzman[2]**
[1]*Central Graduate School, Isabela State University-Echague,St. Ferdinand College, City of Ilagan, Isabela*
[2]*Central Graduate School, Isabela State University*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra21363**
**DOI No: 10.36713/epra21363**

**ABSTRACT**
*Isinagawa ang pananaliksik na ito sa layuning masuri ang kasanayan at karanasan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa gawaing pagsulat. Kinasangkutan ang pananaliksik na ito ng mga mag-aaral mula sa mga pribadong paaralan sa Ilagan City, Isabela na mayroong programang Senior High School. Ang piling mag-aaral ay sumagot ng isang talatanungan at nagsulat ng isang personal na sanaysay bilang lunsaran ng pangunahing datos ng pananaliksik. Napatunayan sa pananaliksik na halos pantay ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino, anoman ang kanilang kasarian, gadget na ginagamit sa pag-aaral at edukasyon ng ama. Sa kabilang dako, lumitaw sa pananaliksik na ito na ang mga mag-aaral na ang ina ay mayroong mas mataas na antas ng edukasyon ay mayroong mas mataas na kasanayan sa pagsulat. Sa karanasan sa pagsulat, pinatutunayan sa pag-aaral na ito na halos magkatulad ang karanasan ng mga mag-aaral anoman ang kasarian, gadget na ginagamit, baitang at edukasyon ng mga magulang sa aspeto ng saloobin at pananaw sa gawaing pagsulat at sa relasyon sa pagitan ng guro at mga mag-aaral sa gawaing pagsulat. Sa kabilang dako, pinatutunayan sa pananaliksik na ito na ang mga mag-aaral na cellular phone ang ginagamit na gadget para sa mga gawaing akademiko at ang mga mag-aaral na ang ina ay mayroong mas mababang antas ng edukasyon ang higit na nakararanasan ng suliranin sa gawaing pagsulat partikular as aspeto ng bokabularyo at gramatika at meknaiks. Napatunayan din sa pananaliksik na ito na ang pagkakaroon ng positibong saloobin at pananaw sa gawaing pagsulat at ang pagkakaroon ng positibong relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral sa konteksto ng pagsulat ay nakatutulong upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa kabilang dako, ang pagkakaroon naman ng suliranin pagbabantas, kapitalisasyon at pagbubuo ng panimula at wakas ng sulatin ay nakapagdudulot ng negatibong epekto sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.*

**SURING SALITA**: *Kasanayan sa Pagsulat, Karanasan sa Pagsulat, Makrong Pangwika*

## INTRODUCTION

Makabuluhan ang pagsulat sa kabuuan ng akademikong gawain at edukasyon ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng pagsulat, naitala nang higit na maayos at organisado ang kasaysayan at makabuluhang mga kaisipan, karanasan, tuklas, at iba pang mahahalagang pagbabago sa lipunan at kasaysayan. Ayon kay Brink (2020), bagaman lubhang nakikinabang ang lipunan sa mga produkto ng proseso ng pagsulat, ginagamit din ito upang kadalasan ay suriin ang kakayahan ng bawat miyembro ng lipunan na maging aktibong bahagi ng anomang organisasyon kabilang ang uri ng kanyang edukasyon, mga pagpapahalaga at ang kanyang kabuuang kontribusyon sa lipunang ginagalawan. Dahil dito, masasabing isang makabuluhan, mahalaga at sapilitang kasanayan ang pagsulat na kailangang taglayin ng bawat miyembro ng anomang lipunan. Dagdag pa mula sa University of Arizona (2023), mahalaga ang pagsulat sa personal at propesyunal ng buhay ng bawat indibidwal kabilang ang kakayahan nitong makilahok sa mga proseso ng komunidad na kinabibilangan nito. Kabilang din ang mga produkto ng pagsulat sa mga batayan ng mapananaligang mga impormasyon at katotohanan sa anomang larangan at disiplina. Kung gayon, ang kakayahang sumulat ay isang pangangailangan.

Ang pagsulat ay isang uri ng komunikasyon. Ayon kina Defazio, *et al.* (2010), sa pamamagitan ng pagsulat, nagkakaroon ng komunikasyon sa pagitan ng lumilikha ng kaisipan at sa bumabasa o tumatanggap nito. Sa pagsulat, nababasa ng susunod ng henerasyon ang kaisipan at karanasan ng nagdaang henerasyon tungo sa pagbubuo ng pag-unawa at paghugot ng mga aral mula sa mga sulating ito. Dagdag pa ni Hikmah, *et al.* (2019), mahalagang kasanayan sa komunikasyon ang pagsulat. Ang kahusayan sa pagsulat ay nagdudulot ng malinaw at mabilis na komunikasyon, samantala, kung magulo ang paraan ng pagsulat, nagiging magulo rin ang ideyang inilalahad nito.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

Dahil sa kahalagahan ng pagsulat bilang kasanayan, mahalagang bahagi ng K-12 curriculum ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat. Sa kasalukuyang porma ng kurikulum, makabuluhang bahagi ng kasanayang dapat matutunan ng mga mag-aaral ay ang kakayahang sumulat ng mga payak at komplikadong sulatin tulad ng personal na sulatin, liham pangkaibigan, liham pangangalakal, mga pagsusuri, repleksiyong mga papel at iba pa. Kabilang sa mga kasanayang dapat paunlarin lakip ng mga sulating papel na mga ito ang kakayahan sa estraktura o gramatika, mekaniks, organisasyon, estilo ng pagsulat at iba pa. Ayon kay Labarrete (2019), dahil sa esensyal na kapakinabangan sa pagsulat, malaking bahagi ng kasalukuyang kurikulum ang nakapokus sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Itinuturing ang pagsulat bilang isa sa pinakamahirap na gawain sa mga makrong kasanayan sa wika. Kompleks ang wika at higit itong nagiging kompleks dahil hindi madaling pag-aralan at matamo ang kasanayan sa pagsulat. Bilang proseso, ang pagsulat ay ang pagsasalin ng abstrak na kaisipan tungo sa isang malinis at makinis na bagay. Sa mga makrong kasanayan sa wika, itinuturing na ito ang pinakamahirap na kasanayan dahil ito ang huli at pinakamataas na kasanayan. Kailangan munang matuto ng batayang kasanayan sa pagbabasa. Bukod pa rito, ayon kina Defazio, *et al.* (2010), isang kognitibong proseso ang pagsulat kabilang ang mga kaalaman at kasanayan sa komprehensiyon, at aplikasyon at sistesis ng mga impormasyon. Dagdag pa rito, ipinaliwanag ni Bora (2023) na kailangang isaalang-alang sa pagsulat ang iba't ibang kaalaman at kasanayang pangwika tulad ng estraktura, gramatika, mekaniks gayondin ang lohikal at organisadong paraan ng paglalahad ng impormasyon. Ipinaliwanag pa nina Dhanya and Alemalu (2019) na kabilang sa mahahalagang kasanayang dapat matutunan ng mga mag-aaral sa paaralan at akademya ang pagsulat dahil kinakailangan ito sa iba't ibang aspeto ng pakikibahagi sa komunidad. Dahil sadyang kompleks ang gawain sa pagsusulat, hindi lahat ng mag-aaral ay nakapagsusulat nang mahusay na sulatin at hindi lahat ng mag-aaral ay may positibong soloobin sa gawaing pagsusulat. Ipinaliwanag nina Ramos at Gatcho (2020) na mahalaga sa ang pagkakaroon ng positibong saloobin at motibasyon sa gawaing pagsulat sapagkat nagdudulot ito ng mas maraming dahilan upang ang mag-aaral ay magkusang magbasa at magsulat kahit walang gabay mula sa guro. Ayon kina Nagode, *et al.* (2023), iba-ibang salik ang nakaaapekto sa kasanayan at saloobin ng mga mag-aaral sa pagsulat. Kabilang sa mga ito ang kasarian, edukasyon ng mga magulang, antas ng komprehensiyon, at iba pang katangiang sosyo-ekonomiko.

Ang mga mag-aaral sa anomang antas ng edukasyon ay kinababagutan ang anomang gawaing may kinalaman sa pagsusulat dahil sa iba't ibang mga kadahilanan. Kadalasan, nahihirapan ang mga mag-aaral na lumikha ng maayos, organisado at lohikal na mga ideya. Dagdag pa rito, nahihirapan din sila sa pagpili ng angkop na mga salita para sa iba't ibang ideyang nais nilang ipahayag. Ayon kina Atasoy at Temizkan (2016), nahihirapan ang mga mag-aaral na lumikha ng maayos na sulatin dahil mahina ang kanilang pundasyon sa pagbabasa, at tinitignan ang pagsulat bilang "*requirement*" sa paaralan at hindi bilang daluyan ng ideya at impormasyon. Nakapagsusulat man ang mga mag-aaral, kapos ito sa malinaw at organisadong mga ideya at mangilan-ilan lamang ang estilo o paraan ng pagbabahagi ng ideyang ginagamit.

Mahina ang Pilipinong mag-aaral sa pagsulat (Ulit, 2018). Sa balitang inilabas ni Felipe (2020) at Balinbin (2020), lumitaw sa pananaliksik na pinamagatang *Southeast Asia Primary Learning Metrics* (SEA-PLM) na sampong (10) bahagdan lamang ng mga mag-aaral na sa Baitang 5 ang mayroong katanggap-tanggap na kahusayan sa pagbasa, 17 bahagdan ang may kahusayan sa matematika samantalang isang (1) bahagdan lamang ang mayroong kahusayan sa pagsulat. Sa pag-aaral nina Saavedra at Barredo (2020) ang mga batang Pilipino ay may kakulangan sa bokabularyo sa anomang target na wika, hirap din silang magbahagi ng organisadong mga kaisipan, kawalan ng motibasyon at ang negatibong persepisyon sa gawaing pagsulat. Dahil sa mga salik na ito, higit na nagiging mahirap ang pagsusulat para sa mga mag-aaral.

Litaw din sa mga pag-aaral ang iba't ibang suliranin makikita sa teknikal na aspeto ng pagsulat ng mga Pilipinong mag-aaral. Sa pananaliksik nina Ramos at Gatcho (2020), lumilitaw na kung mayroon mang positibong saloobin at motibasyon ang mga mag-aaral sa pagsulat hindi pa rin nawawala ang suliranin sa gramatika at mekaniks. Hirap ang mga mag-aaral na magsulat ng may wastong estraktura na mahalaga naman sa kabuuan ng ideyang ibinabahagi sa pamamagitan ng sulatin. Ganito rin ang naging resulta ng pag-aaral nina Urbano, *et al.* (2021). Sa kanilang pananaliksik, natuklasan na ang mga mag-aaral ay may suliranin kaugnay ng pagsusulat tulad ng kawalan ng sapat na kaalaman sa mga paksang tinatalakay, kawalan ng sapat na pagsasanay sa pagsusulat na mayroong mga *citation,* pagkakamali sa gramatika, mababaw na mga talasalitaan at paulit-ulit na estilo ng pagsusulat. Sa pananaliksik naman ni Ulit (2018), ang ilan sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ay ang wastong paggamit ng malaki at maliit na letra, mga bantas, mali-maling gramatika at iba pa. Dahil dito, iminungkahi niya ang pagtuloy na pagpapabuti sa proseso ng pagtuturo ng gawaing pagsulat sa mga mag-aaral.

Isasagawa ang pag-aaral na ito upang suriin ang kasanayan at karanasan ng mga mag-aaral sa senior high school sa Saint Ferdinand College sa Ilagan City Isabela. Pangunahing layunin nito ang suriin ang kanilang kasanayan sa pagsulat at suriin ang kaugnayan nito sa

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

kanilang karanasan. Sa dulo, gagamitin ang magiging resulta ng pag-aaral upang makabuo ng programang makatutulong upang pataasin ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang makabuo ng interbensiyon na makatutulong upang paunlarin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.
Sinagot din sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga respondent?
2. Ano ang karanasan ng mga respondent sa pagsusulat batay sa sumusunod:
   a. saloobin at pananaw sa gawaing pagsulat;
   b. relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral sa gawaing pagsulat;
   c. mga suliranin sa pagsulat sa aspeto ng bokabularyo, estratehiya at organisasyon ng pagsulat at mekaniks at gramatika?
3. Ano ang relasyon sa pagitan ng karanasan at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat?

## METHODOLOGY

Deskriptibo at korelasyunal ang mga disenyong ginamit sa pananaliksik na ito. Naging bahagi ng pananaliksik na ito ang mga mag-aaral ng Senior High School Department sa mga paaralan na Saint Ferdinand College, Top Achievers Private School (TAPS) at Montessori School. Pinili ang mga mag-aaral na naging respondent ng pananaliksik sa pamamagitan ng 95% *confidence level* at 5% *allowable margin of error.* Mula sa kabuuang populasyon na 625, ang pananaliksik ay kinasangkutan ng 238 na mag-aaral.

Ginamit ang iba't ibang instrumento ang pag-aaral. Para sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat, ang mga mag-aaral ay pinasulat ng isang personal na sanaysay gamit ang isang "*topic prompt*" sa loob ng isang (1) oras. Ang paksa ng sulatin ay "kalagayan at kahalagahan ng Mental Health (Lusog-Isip) sa Kabataang Pilipino." Ibinigay ito 10 minuto bago ang aktwal na pagsulat. Sinuri ang kanilang sulatin gamit ang isang rubriks na inihanda ng guro batay sa mga pamantayan ng pagsulat ng Kagawaran ng Edukasyon. Tatlong (3) guro sa Filipino at pagsulat ang nagsilbing tagasuri ng mga isinulat na materyal upang tiyakin ang konsistensi sa pagsusuri. Ginamit ng mga tagasuri ang inihandang rubriks upang tiyakin ang pagiging obhetibo. Ang rubriks na ginamit sa pag-aaral ay nakabatay sa klasipikasyon ng manunulat na nilikha ng American Council on Teaching Foreign Languages.

Gumamit din ng talatanungan sa pag-aaral na hinango sa pananaliksik nina Urbano, *et al.* (2021), Ramos at Gactho (2020), Labarrete (2019). Sa pagsusuri sa karanasan sa pagsulat ng mga respondent, ginamit ang 5-point Likert Scale. Ang mga datos na nakalap para sa pag-aaral ay iprinoseso gamit ang Statistical Package for Social Science (SPSS) research. Ginamit ang *mean* para ilarawan ang persepsyon ng mga respondent sa kanilang karanasan sa pagsulat at Kendall tau-b ang ginamit sa pagsusuri ng relasyon sa pagitan ng kasanayan at karanasan sa pagsulat ng mga respondent.

## RESULT AND DISCUSSION

Inilalahad sa Talahanayan 1 ang antas ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga respondent. Sa talahanayan makikitang ang pag-aaral ay kinasangkutan naman ng 84 mag-aaral na nasa antas ng pagsulat na "*Proficient*" o mahusay. Nakabatay ito sa *percentage score* mula 81 hanggang 90. Ang manunulat sa antas na ito ay mayroong kakayahang tumalakay ng mga komplikadong paksa mula sa realistikong perspektibo hanggang sa lebel na abstrakto. Nakabubuo ng sulating tumatalakay sa mga isyu gamit ng epektibong leksikon, estraktura at mga kumbenisyon sa pagsulat. Ang paglalahad ay nagpapakita ng malinaw na ugnayan ng mga impormasyong batay sa katotohanan at sariling opinyon.

Makikita pa rin sa talahanayan na 55 sa mga mag-aaral ang nasa antas ng pagsulat na "*Advanced*" o napakahusay na antas ng pagsulat. Nakabatay ito sa *percentage score* mula 91 hanggang 100. Ito ang itinuturing na pinakamataas na antas ng kasanayan sa pagsulat. Sa antas na ito, malinaw na nailalahad ang pangunahing paksa at mga pantulong na detalye. Nakabubuo ng sulating may malalim na pagsusuri sa paksang tinatalakay. May kakayahang maglatag mga patunay at ebidensya para sa mga paninindigan sa sulatin at magawang hikayatin ang mambabasa na paniwalaan ang kanyang *punto de bista.* Nagpapakita rin ito ng mga natatanging estilo sa pagsusulat upang mapanatili ang kawilihan sa sulatin.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

**Talahanayan 1. Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Filipino.**

| Antas | Score Percentage | Frequency n=238 | Bahagdan (100%) |
|---|---|---|---|
| *Beginner* | 51-60 | 40 | 16.8 |
| *Developing* | 61-70 | 22 | 9.2 |
| *Approaching Proficiency* | 71-80 | 37 | 15.5 |
| *Proficient* | 81-90 | 84 | 35.3 |
| *Advanced* | 91-100 | 55 | 23.1 |

Sa kasalukuyang pag-aaral, higit na nakararami ang mag-aaral na nagtamo ng mataas na antas ng kasanayan. Sa kaslaukuyang pag-aaral, karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas na *proficient* at *advanced*. Maaaring bunga ito ng karanasan ng mga mag-aaral sa gawaing pagsulat mula pa nang magsimula silang mag-aaral. Dahil mahalagang kasanayan ang pagsulat, malaking bahagi ng kurikulum ng bansa ang nakalaan upang paunlarin ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang ganitong mga paniniwala ay suportado ng mga naunang pananaliksik. Sa pananaliksik nina Atasoy at Temizkan (2016), lumilitaw na higit na mataas ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa sekundarya dahil na din sa *exposure* o karanasan sa pagsulat. Napatunayan sa kanilang pag-aaral na habang tumataas ang antas ng edukasyon ng mga mag-aaral ay tumataas din ang kasanayan nila sa pagsulat. Ganito rin ang natuklasan nina Barlaan at Javier (2020) sa kanilang pananaliksik na nakapokus naman sa pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral na magsulat ng sanaysay. Sa kanilang pag-aaral, lumitaw na mahusay magsulat ng sanaysay ang karamihan sa mga mag-aaral lalo kung ito ay isasagawa sa konteksto ng paggamit ng gadget at teknolohiya. Naniniwala ang mga mananalisik na mahusay magsulat ang mga mag-aaral at lalo pa silang nagiging mahusay sa tulong ng mga teknolohiyang nagagamit ng mga mag-aaral. Maging ang pananaliksik nina Aragon at Balallo (2023) ay nagpapatunay na mahusay ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay. Sa kanilang pananaliksik, napatunayan na bagaman maraming hamon ang kinakaharap ng mga mag-aaral sa gawaing pagsulat, nakabubuo pa rin ang mga ito ng makabuluhang mga sulatin lalo na ang mga kabilang sa mataas na baitang.

Sa Talahayan 1, makikitang mayroong 40 mag-aaral ang nasa antas na "*Beginner*" o nasa antas na nagsisimula pa lamang sa larangan ng pagsulat. Nakabatay ang antas na ito sa tinuos na *percentage score* mula 51 hanggang 60 na bahagdan. Ibig sabihin, ang kabuuang iskor na natamo ng mga mag-aaral sa iba't ibang kraterya sa pagsulat ay lubhang mababa. Ang mga mag-aaral sa Filipino na nasa antas na *beginner* sa pagsusulat ay may kakayahang makabuo ng mga sulatin batay sa mga impormasyong narinig o nabasa. Limitado ang kanilang kakayahang pagyamanin ang paksang tinatalakay gamit ang limitadong mga estilo at estraktura sa pagsulat. Dagdag pa rito, payak at mga simpleng impormasyon lamang ang kanilang naibabahagi tungkol sa paksa.

Batay pa rin sa Talahanayan 1, ang mga mag-aaral sa Filipino na nasa antas ng pagsulat na "*Approaching Proficiency*" ay kinabibilangan ng 37 mag-aaral. Nakabatay naman angantas na ito sa *percentage score* mula 71 hanggang 80. Sa antas na ito, ang mag-aaral ay mayroong epektibong kakayahang makalikha ng mga regular o paulit-ulti na mga anyo ng sulatin sa mga paksang pamilyar. Nakapaglalahad din sila ng paksa gamit ang mga tiyak na detalye, mga pangyayari at impormasyon tungkol sa paksa. Nakapagbibigay din ng malinaw na mga konteksto tungkol sa paksa at mayroong mahusay na kakayahang gumamit ng tiyak na wika at estraktura ng panulat.

Makikita pa rin naman sa talahayan na mayroong 22 respondents ang pag-aaral na ito na nasa antas ng kasanayan sa pagsulat na "*Developing*" o papaunlad. Nakabatay ito sa tinuos na *score percentage* mula 61 hanggang 70. Sa antas na ito, ang mga mag-aaral ay may kakayahang lumikha ng sulatin batay sa mga kahingian ng sitwasyon. Simple at payak ang kanilang mga pagpapahayag upang makapagbahagi ng impormasyon. Sa antas ding ito, ang manunulat ay nakagagamit ng mga payak na bukabularyo sa layuning madali ang pag-unawa sa paksang tinatalakay.

Sa kasalukuyang pag-aaral, bagaman, higit na kakaunti ang mga mag-aaral na mayroong mas mababang performans sa pagsulat ay nakababahala pa rin ang dami ng mga ito. Makikita na bagaman, nasa mataas na antas na ng edukasyon ang mga mag-aaral ay nahihirapan pa rin ang mga ito na makapagbahagi ng malinaw at lohikal na kaisipan sa pamamagitan ng pagsusulat.

Malaking bahagi ng korpus ng mga naunang pag-aaral ang nagsasabing mababa ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik nina Espiritu at Acerit (2024), natuklasan nilang malaking bilang ng mga mag-aaral sa Senior High School ang may mababang kasanayan sa pagsulat ng akademikong papel at nangangailangan ng agarang pansin at interbensiyon.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

**Table 2. Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsusulat batay sa Saloobin at Pananaw sa Gawaing Pagsulat.**

| Mga Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Na/niniwala akong malaki ang maitutulong ng pagsusulat upang matuto pa ng ibang bagay | 4.68 | Lubhang Sumasang-ayon |
| 2. Nagdudulot ng lugod at kasiyahan sa aking ang gawaing pagsusulat | 3.88 | Sumasang-ayon |
| 3. Gustong-gusto kong magsulat ng iba't ibang genre ng sulatin at iba't ibang mga paksa | 3.45 | Medyo Sumasang-ayon |
| 4. Masaya at excited ako tuwing magbibigay ang aming guro ng gawain sa pagsulat | 3.26 | Medyo Sumasang-ayon |
| 5. Naniniwala akong mas madali akong matuto sa ibang mga asignatura kung magiging mahusay ako sa pagsusulat | 4.08 | Sumasang-ayon |
| 6. Tumataas ang tiwala ko sa aking sarili dahil sa kakayahan kong magsulat | 3.85 | Sumasang-ayon |
| 7. Naniniwala akong ang mahusay na magsulat ay mahusay din sa pagbabasa | 4.16 | Sumasang-ayon |
| 8. Higit kong napagbubuti ang aking kasanayan sa gramatika sa pamamagitan ng pagsusulat ng iba't ibang teksto | 4.06 | Sumasang-ayon |
| 9. Gusto kong makatanggap ng feedback mula sa aking guro tungkol sa aking isinulat na teksto | 4.02 | Sumasang-ayon |

*Legend: 2.50-3.49 = Medyo Sumasang-ayon; 3.50-4.49 = Sumasang-ayon; 4.50-5.00 = Lubhang Sumasang-ayon*

Ang Talahanayan 2 ay naglalahad sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa Filipino batay sa kanilang saloobin. Makikita mula sa talahayan ang 4.68 na nangangahulugang lubhang pagsang-ayon ng mga respondent na malaki ang maitutulong ng pagsusulat bilang lunsaran ng pagkatuto ng iba pang bagay. Makikita pa rin sa talahanayan na batay sa *mean range* mula 3.85 hanggang 4.16, ang mga respondent ay sumasang-ayon sa pitong (7) pahayag kaugnay ng kanilang saloobin at pananaw sa gawaing pagsulat sa Filipino.

Sumasang-ayon ang mga respondent na ang kahusayan sa pagsusulat ay kaakibat ng kahusayan sa pagbabasa at nagiging Madali ang pagkatuto sa iba pang asignatura kung nagiging mahusay ang mga mag-aaral sa gawaing pagsulat. Dagdag pa rito, sumasang-ayon din ang mga respondent na nakatutulong nang malaki ang kasanayan sa pagsulat upang mapaunlad ang kasanayan sa gramatika at may positibo silang pagtingin sa pagbibigay *feedback* sa kanilang mga sulatin. Bukod pa rito, sinasang-ayunan din ng mga respondent na ang pagsusulat sa Filipino ay nakatutulong upang magkaroon ng kasihayan at tumaas ang tiwala sa sarili.

**Talahanayan 3. Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsusulat batay sa Relasyon sa Pagitan ng Guro at Mag-aaral sa Gawaing Pagsulat.**

| Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Nahihikayat ako ng aming guro na magpatuloy sa gawaing pagsusulat | 4.00 | Sumasang-ayon |
| 2. Nagsisilbing modelo sa mga gawaing pagsulat ang aming guro | 4.06 | Sumasang-ayon |
| 3. Ginagabayan at tinutulungan ng guro ang mga mag-aaral sa bawat gawain sa pagsusulat | 4.18 | Sumasang-ayon |
| 4. Nagbibigay ng estratehiya ang guro para maging mas mahusay ang aming mga sulatin | 4.23 | Sumasang-ayon |
| 5. Nagpapakita ang guro ng mga modelo sa pagsusulat ng iba't ibang genre ng sulatin | 4.11 | Sumasang-ayon |
| 6. Nagbibigay ng feedback ang guro sa bawat sulating aming isinusumite | 3.98 | Sumasang-ayon |

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

| | | |
|---|---|---|
| 7. Wasto at angkop ang mga pagtatamang isinasagawa ng guro sa sulatin ng mga mag-aaral | 4.23 | Sumasang-ayon |
| 8. May pagkakataon ang mga mag-aaral na itama ang kanilang mga sulatin sa ilalim ng paggabay ng guro | 4.19 | Sumasang-ayon |
| 9. Nagbibigay ng makatuwirang oras ang guro para maihanda ng mag-aaral ang kanyang sulatin | 4.05 | Sumasang-ayon |
| 10. Nagpapakita ang guro at mag-aaral ng positibong relasyon sa kabuuan ng gawain sa pagsusulat | 4.12 | Sumasang-ayon |
| [ | | |

*Legend: 3.50-4.49 = Sumasang-ayon*

Makikita mula sa Talahanayan 3 ang karanasan ng mga mag-aaral sa Filipino sa gawaing pagsulat batay sa karanan sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Mula sa talahanayan, makikitang ang 10 pahayag ay sinang-ayunan ng mga respondent. Ang pagsang-ayong ito ay nakabatay sa tinuos na *mean rating* mula 3.98 hanggang 4.23.

Sumasang-ayon ang mga respondent na sila ay nahihikayat na magpatuloy sa gawaing pagsulat dahil sila ay ginagabayan at hinikikayat ng kanilang guro at ang kanilang guro ay nagsisilbing modelo sa gawaing pagsulat. Dagdag pa rito, sumasang-ayon din ang mga respondent na ang kanilang guro ay nakapagbibigay ng mga estratehiya, modelo at feeback para sa iba't ibang gawaing pagsulat sa iba't ibang genre ng mga mag-aaral. sumasang-ayon din ang mga mag-aaral na positibo ang relasyon ng guro sa kanyang mga mag-aaral sa mga gawaing pagsulat, nagbibigay ng makatuwirang oras ang guro para makapaghanda ang mga mag-aaral sa gawaing pagsulat, nakapagbibigay ng makatuwirang feedback ang guro sa sulatin ng mga mag-aaral at ang mga pagtatamang ito ay wasto ang angkop lamang.

**Talahanayan 4. Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsusulat batay sa mga Suliranin sa Pagsulat sa Aspeto ng Bokabularyo, Estratehiya at Organisasyon ng Pagsulat at Mekaniks at Gramatika.**

| Mga Pahayag | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| **Bokabularyo** | | |
| 1. Limitado at paulit-ulit ang aking bokabularyo sa pagsusulat | 3.38 | Medyo Sumasang-ayon |
| 2. Madalas, mali-mali ang pagkakabaybay ko sa iba't ibang salita na ginagamit sa aking sulatin | 3.10 | Medyo Sumasang-ayon |
| 3. Nahihirapan akong magpahayag ng aking kaisipan at ideya dahil sa kakulangan ng bokabularyo | 2.97 | Medyo Sumasang-ayon |
| 4. Nahihirapan akong bigyan ng tamang kahulugan ang mga salitang aking ginagamit sa pagsusulat | 3.04 | Medyo Sumasang-ayon |
| 5. Pakiramdam ko ay kailangan ko ng diksyunaryo tuwing magsusulat | 3.00 | Medyo Sumasang-ayon |
| **Estratehiya sa Pagsulat at Organisasyon** | | |
| 1. Nahihirapan akong magsulat nang maayos at lohikal na sulatin | 2.81 | Medyo Sumasang-ayon |
| 2. Pare-pareho ang paraan o estilo ng aking pagsusulat | 3.10 | Medyo Sumasang-ayon |
| 3. Nahihirapan akong isulat nang malinaw, organisado at kumpleto ang aking mga naiisip | 2.97 | Medyo Sumasang-ayon |
| 4. Hindi ko kayang magbigay ng mga pansuportang detalye sa aking mga pangunahing kaisipan | 2.76 | Medyo Sumasang-ayon |
| 5. Hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga ideyang aking ibinabahagi sa aking sulatin | 2.77 | Medyo Sumasang-ayon |
| **Mekaniks at Gramar** | | |
| 1. Lagi akong nahihirapang magsulat nang maayos at malinaw na ideya dahil sa aking kakulangan sa kaalaman at kasanayan sa gramatika | 2.74 | Medyo Sumasang-ayon |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2. | Madalas ay ipinagwawalang bahala ko ang wastong gramatika sa aking pagsulat | 2.55 | Medyo Sumasang-ayon |
| 3. | Kadalasan ay hindi ko alam kung anong bantas ang aking gagamitin sa aking mga isinusulat | 2.73 | Medyo Sumasang-ayon |
| 4. | Nahihirapan din ako sa paggamit ng malalaki at maliliit na letra para sa mga karaniwang salita, tanging ngalan at iba pa | 2.26 | Hindi Sumasang-ayon |
| 5. | Karaniwang hindi ko alam kung paano sisimulan o tatapusin ang aking mga talata | 2.81 | Medyo Sumasang-ayon |

*Legend: 1.50-2.49 = Hindi Sumasang-ayon; 2.50-3.49 = Medyo Sumasang-ayon*

Ipinakikita sa Talahanayan 4 ang karanasan ng mga mag-aaral sa gawaing pagsulat batay sa kanilang suliranin sa aspeto ng bokabularyo, estratehiya at organisasyon at mekaniks at gramatika.

Sa aspeto ng bokabularyo, makikita mula sa tinuos na *mean rating* mula 2.97 hanggang 3.38, ang mga mag-aaral ay mayroong katamtamang pagsang-ayon sa kanilang suliranin sa gawaing pagsulat sa aspeto ng pagpili at paggamit ng tamang salita o bokabularyo.

Katamtaman ang pagsang-ayon ng mga respondent na limitado ang kanilang bokabularyo kaya nahihirapan silang magpahayag ng ideya at nakararanas sila ng mali-maling ispeling ng mga terminong kanilang ginagamit sa pagsusulat. Katamtaman din ang pagsang-ayon ng mga respondent sa ideyang sila ay nahihirapan sa pagbibigay ng tamang kahulugan sa mga terminong ginagamit sa pagsusulat at pakiramdam nila'y nangangailangan sila ng diksyunaryo sa maraming pagkakataon.

Makikita naman sa Talahanayan 4 ang tinuos na *mean rating* mula 2.76 hanggang 3.10 na ang mga respondent ng pag-aaral ay mayroong katamtamang pagsang-ayon sa mga suliraning kanilang nararasan sa pagsulat kaugnay ng estratehiya at organisasyon sa pagsulat.

Ipinakikita ng talahanayan na mayroong katamtamang pagsang-ayon ang mga respondent na nahihirapan silang magsulat nang may kaayusan at lohikal at pare-parehong estilo ng pagsusulat. Dagdag pa rito, may katamtamang pagsang-ayon din ang mga respondents na nahihirapan silang isulat nang malinaw, organisado at kumpleto ang kanilang mga ideya. Bukod pa rito, katamtaman din ang pagsang-ayon ng mga respondent na sila ay walang kakayahang magbigay ng mga pansuportang detalye at wala silang kakayahang magsulat ng organisado at maayos na pagkakasunod-sunod ng mga impormasyon sa kanilang sulatin.

Sa aspeto ng suliraning nararanasan sa pagsulat kaugnay ng mekaniks at grammar, lumilitaw sa talahanayan ang katamtamang pagsang-ayon ng mga respondent. Nakabatay ito sa tinuos na *mean value* mula 2.26 hanggang 2.73.

May katamtamang pagsang-ayon ang mga respondents lagi silang nahihirapang magsulat nang maayos at malinaw dahil sa kahinaan sa gramatika at ipinagwawalang-bahala na lamang nila ang gramatika sa kani-kanilang mga sulatin. Katamtaman din ang pagsang-ayon ng mga respondent na suliranin nila sa pagsulat ang kakulangan ng kaalaman sa angkop na pagbabantas, paggamit ng malaki at maliit na letra at angkop na pagsisimula at pagwawakas ng mga sulatin sa Filipino.

Ang gawaing pagsulat ay hindi madaling gawain. Bagkus, propesyunal man o mga mag-aaral ay kapwa humaharap sa iba't ibang hamon at suliranin sa proseso ng pagpapaunlad sa kasanayang ito. Sa pananaliksik nina Aragon at Balallo (2023) na ang mga mag-aaral sa Filipino ay kadalasang humaharap sa mga hamon sa pagsulat sa wikang Filipino. Ilan sa mga ito ay ang suliranin sa hindi pamilyar na salita, kawalan ng kahandaan sa gawaing pagsulat, kawalan ng kaalaman sa paksa at suliranin sa pagsunod sa wastong tuntuning panggramatika at mekaniks ng pagsulat. Sa kanilang pananaliksik, nahaharap ang mga mag-aaral na nakalilitong panuntunan sa paggamit ng bansa, kapitalisasyon, paggamit ng pang-angkop at iba pang katulad na mga suliranin.

Ganito rin ang natuklasan nina Busacay, *et al.* (2025) na bagaman may kakayahan ang mga mag-aaral sa pagsulat ng liham ay nahihirapan silang ayusin ito dahil sa kalituhan ng paggamit ng bansa tulad ng gitling, kuwit, tutuldok at iba pa na esensyal naman sa paggsusulat ng mga liham- pormal man o di-pormal. Sa pananaliksik nina Saavedra at Barredo (2020), pinatutunayan na ang mga mag-aaral ay kadalasang nakararanasan ng iba't ibang suliranin sa pagsulat kabilang kakulangan sa bokabularyo, suliranin sa paglalahad ng ideya, negatibong persepisyon sa gawaing pagsulat, suliranin sa pagbabaybay, pagsunod sa panuntunang panggramatika, at kakulangan ng interes at motibasyon sa pagsulat.

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

Sa pananaliksik nina Hikman, *et al.* (2019) tungkol sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral mula sa University of Saint Anothony, Iriga City, lumilitaw na ang mga mag-aaral ay nakararanas ng iba't ibang suliranin sa pagsusulat. Sa aspeto ng mekaniks, lumilitaw na ang pangunahing suliranin ng mga mag-aaral ay ang angkop na paggamit ng mga bantas tulad ng kuwit, tuldok, kolon at semi-kolon, gayundin, ang angkop na paggamit ng malalaki at maliliit na letra. Sa aspeto naman ng gramatika, napatunayan sa kanilang pananaliksik na ang kadalasang litaw na suliranin ay ang konsitensi ng paggamit ng angkop na panahunan ng pandiwa, paggamit ng napakahahabang mga pangungusap o paglitaw ng mga walang kabuluhang mga pangungusap.

Sa pananaliksik ni Martinez (2019) tungkol sa kasanayan ng mga mag-aaral sa Senior High School na magsulat ng papel pananaliksik ay lumitaw na malaki ang suliranin ng mga mag-aaral sa pagsunod sa mga kumbensiyon ng pagsulat. Sa kanilang pananaliksik pangunahing suliranin ng mga mag-aaral ay ang paggamit ng hindi angkop na mga pananalita, panahunan ng pandiwa, paggamit ng mga pantukoy, paggamit ng isahan at maramihang anyo ng salita (*singular / plural form*), kapitalisasyon, pagbabantas at ispeling.

**Talahanayan 5. Relasyon sa Pagitan ng Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsusulat batay sa Saloobin at Pananaw sa Gawaing Pagsulat at Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat**

| Mga Pahayag | Correlation Coefficient | p-value |
|---|---|---|
| 1. Naniniwala akong malaki ang maitutulong ng pagsusulat upang matuto pa ng ibang bagay | 0.32* | 0.00 |
| 2. Nagdudulot ng lugod at kasiyahan sa aking ang gawaing pagsusulat | 0.08 ns | 0.19 |
| 3. Gustong-gusto kong magsulat ng iba't ibang genre ng sulatin at iba't ibang mga paksa | 0.05 ns | 0.39 |
| 4. Masaya at *excited* ako tuwing magbibigay ang aming guro ng gawain sa pagsulat | 0.15* | 0.01 |
| 5. Naniniwala akong mas madali akong matuto sa ibang mga asignatura kung magiging mahusay ako sa pagsusulat | 0.01 ns | 0.86 |
| 6. Tumataas ang tiwala ko sa aking sarili dahil sa kakayahan kong magsulat | -0.07 ns | 0.26 |
| 7. Naniniwala akong ang mahusay na magsulat ay mahusay din sa pagbabasa | 0.02 ns | 0.69 |
| 8. Higit kong napagbubuti ang aking kasanayan sa gramatika sa pamamagitan ng pagsusulat ng iba't ibang teksto | -0.01 ns | 0.78 |
| 9. Gusto kong makatanggap ng *feedback* mula sa aking guro tungkol sa aking isinulat na teksto | 0.01 ns | 0.85 |

*Legend: * = significant; ns = not significant at 0.05 level*

Ang Talahanayn 5 ay nagpapakita ng relasyon sa pagitan ng saloobin at pananaw sa gawaing pagsulat at ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Makikita mula sa talahanayan na mula sa siyam (9) na pahayag, pito (7) sa mga ito ang nagpapakita ng kawalan ng makabuluhang ugnayan sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga respondent. Nakabatay ang resultang ito sa tinuos na p-value na mas mataas kaysa sa 0.05. Maipapalagay mula sa resultang ito na ang saloobin at pananaw ng mga mag-aaral sa gawaing pagsulat gaya ng positibong pagtingin at pakiramdam sa gawaing ito, kabilang ang pagtanggap ng angkop na *feedback* mula sa kanilang guro ay walang tiyak na epekto sa pagpapaunlad sa kasanayan sa pagsulat ng mga respondent. Dahil dito, pinagtitibay ang *null hypothesis* ng pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan ang saloobin at pananaw ng mga respondent sa gawaing pagsulat at ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat.

Mula sa siyam (9) na pahayag tungkol sa saloobin at pananaw ng mga respondent sa gawaing pagsulat, dalawa (2) sa mga ito ang nagpapakita ng makabuluhan at positibong ugnayan sa antas ng kasanayan sa pagsulat. Nakabatay ang resultang ito sa tinuos na *correlational value* na 0.15 at 0.32 at p-value na hindi tataas sa 0.01. Dahil dito, pinasusubalian ng pag-aaral na ito ang *null hypothesis* ng pag-aaral na walang makabuluhang ugnayan ang saloobin at pananaw ng mga respondent sa gawaing pagsulat at ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat. Mahihinuha mula sa resulta ng pag-aaral na may mas mataas na posibilidad na ang pagkakaroon ng positibong

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

pananaw tungkol sa magandang maitutulong ng gawaing pagsulat sa iba pang bagay kabilang ang pagiging masaya at *excitement* sa mga gawaing may kinalaman sa pagsulat ay nakatutulong upang higit na mataas ang antas ng kasanayan sa gawaing pagsulat mismo.

Mahalagang aspeto ng pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ang saloobin at pananaw sa mismong gawaing pagsulat. Sinusuportahan ng pag-aaral na ito ang natuklasan nina Kemalsyah, *et al.* (2022) tungkol sa mga salik na nakaapekto sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa kanilang pag-aaral, napatunayan na ang pagbubuo ng positibo o negatibong saloobin sa gawaing pagsulat at sa epekto nito sa iba pang aspeto ng pag-unlad ng mag-aaral ay makatutulong o makasasagabal sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat.

Sinusuportahan din ng resulta ng pananaliksik na ito ang natuklasan sa pag-aaral nina Trasporte, *et al.* (2023). Sa kanyang pananaliksik, lumitaw na ang positibong pagtingin ng mga mag-aaral sa gawaing pagsulat ay nakatutulong sa kahandaan sa gawaing pagsulat. Nangangahulugan ito na kung mas positibo ang pananaw at saloobin ang mga mag-aaral sa gawaing pagsulat ay higit silang nagiging handa sa gawaing pagsulat.

Makikita sa Talahanayan 6 ang relasyon sa pagitan ng karanasan sa relasyon ng guro at mag-aaral sa gawaing pagsulat ng mga respondent ng pag-aaral.

Mula sa talahanayan ay makikita na tatlo (3) mula sa sampong (10) pahayag ang nagpapakita ng makabuluhan at direktang ugnayan sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga respondent. Nakabatay ito sa tinuos na *correlational value* mula 0.16 hanggang 0,25 at *p-value* na hindi tataas sa 0.04. Ang positibo at direktang ugnayang ito ay nagpapatunay na mayroong mataas na posibilidad na ang positibong relasyon ng guro at mag-aaral sa mga gawiang pagsulat ay nakatutulong nang malaki upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Partikular na ibinubunyag ng talahanayan na may mataas na posibilidad na ang pagiging modelo ng guro sa gawaing pagsulat, pagbibigay ng *feedback* sa mga sulatin ng mga mag-aaral at ang pagkakaroon ng mga mag-aaral ng pagkakataong itama ang kanilang sulatin ay nakatutulong para mapaunlad nila ang kasanayan sa pagsulat. Mula sa resultang ito ay pinawawalang-bisa ang *null hypothesis* ng pananaliksik na nagsasaad na walang makabuluhang relasyon sa pagitan ng antas ng kasanayan sa pagsulat at ang kanilang karanasan sa gawaing pagsulat.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng guro sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang pagiging modelo ng guro sa gawaing pagsulat, pagbibigay ng angkop na mga puna o *feedback* at pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na iwasto ang kanilang mga sulatin ay positibong karanasan para sa mga mag-aaral at makapagdudulot ng makabuluhang epekto sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat. Ang mga ganitong hinuha ay sinusuportahan ng mga naunang pag-aaral.

**Talahanayan 6. Relasyon sa Pagitan ng Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsusulat batay sa Relasyon sa Pagitan ng Guro at Mag-aaral sa Gawaing Pagsulat at Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat**

| Mga Pahayag | Correlation Coefficient | p-value |
|---|---|---|
| 1. Nahihikayat ako ng aming guro na magpatuloy sa gawaing pagsusulat | -0.10 ns | 0.10 |
| 2. Nagsisilbing modelo sa mga gawaing pagsulat ang aming guro | 0.16* | 0.01 |
| 3. Ginagabayan at tinutulungan ng guro ang mga mag-aaral sa bawat gawain sa pagsusulat | 0.01 ns | 0.99 |
| 4. Nagbibigay ng estratehiya ang guro para maging mas mahusay ang aming mga sulatin | -0.01 ns | 0.80 |
| 5. Nagpapakita ang guro ng mga modelo sa pagsusulat ng iba't ibang genre ng sulatin | -0.11 ns | 0.08 |
| 6. Nagbibigay ng *feedback* ang guro sa bawat sulating aming isinusumite | 0.17* | 0.02 |
| 7. Wasto at angkop ang mga pagtatamang isinasagawa ng guro sa sulatin ng mga mag-aaral | 0.02 ns | 0.66 |
| 8. May pagkakataon ang mga mag-aaral na itama ang kanilang mga sulatin sa ilalim ng paggabay ng guro | 0.25* | 0.04 |
| 9. Nagbibigay ng makatuwirang oras ang guro para maihanda ng mag-aaral ang kanyang sulatin | -0.03 ns | 0.60 |
| 10. Nagpapakita ang guro at mag-aaral ng positibong relasyon sa kabuuan ng gawain sa pagsusulat | -0.06 ns | 0.32 |

*Legend: * = significant; ns = not significant at 0.05 level*

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

Sa pananaliksik ni Cabigao (2021), natuklasan ang makabuluhang kontribusyon ng guro sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsulat. Sa kanilang pananaliksik, lumitaw na ang gurong may kakayahang suportahan at hikayatin ang mga mag-aaral upang makabuo ng positibong saloobin sa gawaing pagsulat sa pamamagitan ng iba't ibang paraan tulad ng pagmomodelo ay nakatutulong para sa kabuuang pag-unlad ng kasanayan sa pagsusulat ng mga mag-aaral.

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita sa relasyon sa pagitan ng mga suliraning nararanasan ng mga respondent sa gawaing pagsulat at ang antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat.

Sa aspeto ng bokabularyo at estratehiya at organisasyon sa pagsulat, lahat ng pahayag ay nagpapakita na walang makabuluhang relasyon sa pagitan ng mga suliraning nararanasan ng mga respondent sa gawaing pagsulat at ang antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat. Nakabatay ito sa resulta ng tinuos na p-value na higit na mataas kaysa 0.05. Dahil dito, pinagtitibay ang *null hypothesis* ng pananaliksik na nagsasaad na walang makabuluhang relasyon sa pagitan ng antas ng kasanayan sa pagsulat at ang kanilang suliranin sa bokabularyo, estratehiya at organisasyon sa gawaing pagsulat. Dagdag pa, maipapalagay na ang pagkakaroon ng suliranin sa angkop na pagpili at paggamit ng termino sa sulatin at ang pagkakaroon ng iba;t ibang teknik sa pagsulat at ang pagsasaayos ng mga impormasyon ay walang tiyak na ugnayan sa aktuwal na kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 7. Relasyon sa Pagitan ng Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsusulat batay sa mga Suliranin sa Pagsulat sa Aspeto ng Bokabularyo, Estratehiya at Organisasyon ng Pagsulat at Mekaniks at Gramatika at Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagsulat**

| | Correlation Coefficient | p-value |
|---|---|---|
| **Bokabularyo** | | |
| 1. Limitado at paulit-ulit ang aking bokabularyo sa pagsusulat | -0.08 ns | 0.19 |
| 2. Madalas, mali-mali ang pagkakabaybay ko sa iba't ibang salita na ginagamit sa aking sulatin | -0.05 ns | 0.39 |
| 3. Nahihirapan akong magpahayag ng aking kaisipan at ideya dahil sa kakulangan ng bokabularyo | -0.03 ns | 0.63 |
| 4. Nahihirapan akong bigyan ng tamang kahulugan ang mga salitang aking ginagamit sa pagsusulat | -0.04 ns | 0.47 |
| 5. Pakiramdam ko ay kailangan ko ng diksyunaryo tuwing magsusulat | -0.07 ns | 0.23 |
| **Estratehiya sa Pagsulat at Organisasyon** | | |
| 1. Nahihirapan akong magsulat nang maayos at lohikal na sulatin | 0.01 ns | 0.97 |
| 2. Pare-pareho ang paraan o estilo ng aking pagsusulat | 0.06 ns | 0.30 |
| 3. Nahihirapan akong isulat nang malinaw, organisado at kumpleto ang aking mga naiisip | -0.01 ns | 0.79 |
| 4. Hindi ko kayang magbigay ng mga pansuportang detalye sa aking mga pangunahing kaisipan | -0.01 ns | 0.94 |
| 5. Hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng mga ideyang aking ibinabahagi sa aking sulatin | 0.01 ns | 0.92 |
| **Mekaniks at Grammar** | | |
| 1. Lagi akong nahihirapang magsulat nang maayos at malinaw na ideya dahil sa aking kakulangan sa kaalaman at kasanayan sa gramatika | -0.06 ns | 0.29 |
| 2. Madalas ay ipinagwawalang bahala ko ang wastong gramatika sa aking pagsulat | -0.09 ns | 0.15 |
| 3. Kadalasan ay hindi ko alam kung anong bantas ang aking gagamitin sa aking mga isinusulat | -0.12* | 0.04 |
| 4. Nahihirapan din ako sa paggamit ng malalaki at maliliit na letra para sa mga karaniwang salita, tanging ngalan at iba pa | -0.15* | 0.05 |
| 5. Karaniwang hindi ko alam kung paano sisimulan o tatapusin ang aking mga talata | -0.18* | 0.01 |

*Legend: * = significant; ns = not significant at 0.0*

Sa aspeto naman ng mekaniks at gramatika, tatlo (3) mula sa limang (5) pahayag ang nagpapakita ng makabuluhan subalit hindi direktang ugnayan sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Nakabatay naman ito sa resulta ng tinuos na *correlational value* mula -0.12 hanggang -0.18 at *p-value* mula 0.01 hanggang 0.04. Dahil sa resultang ito, pinasusubalian ang *null hypothesis* na nagsasabing walang makabuluhang relasyon sa pagitan ng suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa gawaing pagsulat at ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsulat.

Mula sa resultang ito, maipapalagay na ang pagkakaroon ng mga mag-aaral ng suliranin sa gawaing pagsulat gaya ng kahinaan sa angkop na paggamit ng bantas, kapitalisasyon at paggamit ng maliit na letra para sa mga karaniwan at natatanging ngalan, at ang suliranin kaugnay na sangkop na pagsisimula at pagtatapos sa isang sulatin ay nakapagdudulot ng pagbaba ng antas ng kasanayan sa pagsulat. Dagdag pa, ang palagiang pagkakaroon ng mga ganitong suliranin sa pagsulat ay nakapagpapababa ng antas ng kasanayan sa pagsulat.

Pinatatag ng pag-aaral na ito ang resulta ng pananaliksik nina Espiritu at Acerit (2024). Sa kanilang pag-aaral, napatunayan na ang suliranin o kahinaan ng mga mag-aaral sa aspeto ng pagbabantas, kapitalisasyon, paggamit ng tuntuning panggramatika, pagbubuo ng panimula at wakas ng sulatin ay mayroong negatibong epekto sa kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. binibigyang-diin sa kanilang pag-aaral na kailangang magkaroon ng mga agarang interbensiyon para maagapan ang ganitong suliranin sapagkat hindi magbabago ang antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral hangga't hindi natutuhan ng mga mag-aaral ang mga batayang pamantayan sa pagsulat tulad ng gramatika, mekaniks, organisasyon at lohika sa pagsulat.

Sinusuportahan din ng resultang ito ang natuklasan sa pananaliksik nina Discaya at Marbella (2021). Sa kanilang pananaliksik na nakapokus sa gawaing pagsulat ng mga mag-aaral sa *technical vocational* na strand, lumulitaw na lubhang naaapektuhan ng kasanayan sa mekaniks lalo na sa usapin ng pagbabantas, kapitalisasyon at pagbubuo ng mismong sulatin ang kalidad at kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Kaya naman, bahagi ng kanilang rekomendasyon ang agarang interbensiyon para sa suliraning natuklasan sa kanilang pananaliksik.

**Rekomendasyon**

Mula sa mga natuklasan sa pananaliksik, ang sumusunod na rekomendasyon ang nabuo:

1. Para sa mga mag-aaral, ipinapayo ang pagkakaroon ng higit na sigasig sa pakikilahok sa mga gawaing pagsulat sa klase at sa paaralan. Magkaroon din ng sariling pagsusumikap upang mapagbuti ang kasanayan sa pagsulat partikular sa pagpapabuti ng kasanayan sa paggamit ng angkop na pagbabantas, kapitalisasyon at iba pang panuntunang panggramatika. Ipinapayo rin ang pagkakaroon ng positibong saloobin at pananaw sa gawaing pagsulat.
2. Para sa mga guro, ipinapayo ang pagkakaroon ng positibong kapaligiran sa gawiang pagsulat. Partikular na magkaroon ng mga gawaing pagmomodelo, pagbibigay ng napapanahon, angkop at tiyak na mga pagwawasto sa mga sulatin ng mag-aaral. pinapayuhan din ang mga guro na bigyan ng sapat na pagkakataon ang mga guro na iwasto ang kanilang mga sulating papel. Sa aspeto ng pagwawasto, bigyang-diin ang pangangailangan para sa wastong gramatika, mekaniks at bokabularyo sa pagsulat.
3. Para sa pamunuan ng mga paaralan, iminumungkahi ang pagsasagawa ng mga seminar at training tungkol sa pagtuturo ng sining at agham ng pagsusulat. Makabubuting ipokus ang mga gawaing ito sa pagtuturo sa mga guro ng angkop na pagmomodelo sa pagtuturo, estratehiya sa pagwawasto ng mga sulatin at iba pang kaugnay na paksa.
4. Magsagawa ng iba pang kaugnay na pag-aaral. Maaaring maging pokus ang mga baryabol na hindi naging sakop ng pag-aaral na ito tulad ng mga salik na sosyo-kultural, kabilang ang pagsusuri sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng gawaing pagsulat sa mga mag-aaral sa batayang edukasyon.

## REFERENCES


1. *Al-Saadi, Zulaikha. (2020). Gender Differences in Writing: The Mediting Effect of Language Proficiency and Writing Fluency in Text Quality. Teacher Education and Development, Vol. 7, pp. 1 – 19.*
2. *Anggraini, N P; Budiyono, & Pratiwi, H. (2018). Cognitive Differences between Male and Female Students in Higher Order Thinking Skills. Journal of Physics: Conference Series.*
3. *Aragon, Jhoana Marie L. & Balallo, Cecilia L. (2023). Antas ng Kahusayan at Hamon sa Pagsulat ng Sanaysay sa Wikang Filipino. American Research Journal of Humanities and Social Science, Vol. 06, Issue 10, pp. 57 – 61.*
4. *Atasoy, Arzu at Temizkan, Mehmet. (2016). Evaluation of Secondary School Students' Writing Fluency Skills. Journal of Educational Sciences: Theory and Practice, Vol. 16, No. 5, pp. 1457 – 1484.*
5. *Badayos, Paquito B. (2000). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika. Quezon City, Manila: Rex Book Store.*
6. *Balindbin, Arjay L. (2020, December 3). Filipino Students Falling Behind in Reading and Writing Levels in Southeast Asia. Business World Online Report. https://www.bworldonline.com/editors-picks/2020/12/03/331914/filipino-students-falling-behind-in-reading-writing-levels-in-southeast-asia/.*

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

7. *Barayuga, Kaith Angelique M., Andrade, Julius N., Bagatnan, Kyle Harvey P., Cabanting, Frenchy M., Chanco, Joannah Nina R., Catiempo, Aye Gee T., Intong, Christines Mae, Montera, Rhey Ann, Perez, John Mher O., Rodio, Adriane Earl P., Villarante, Ferry Rose B., Krystal Joy M. Clamares, Anna Marie O. Pelandas. (2024). Writing Skills of Senior High School Students: A Basis for Intervention Program. International Journal of Research and Innovation in Social Science, Vol. 8, Issue 4, pp. 2890 – 2894.*
8. *Barlaan, Jeannuevei P. & Javier, Crustina L. (2020). Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School Gamit ang Teknolohiya. Multidisciplinary Research Journal, Vol. 3, S. 2020.*
9. *Bernhardt, E. B. (2003). Second language reading as a case of conceptual development. Malden, MA: Blackwell Publishing.*
10. *Bora, Polak. (2023). Importance of Writing Skill to Develop Students' Communication Skills. Journal of Research Scholars and Professionals of English Language Teaching, Vol. 7, Issue 35,*
11. *Brink, Satya. (2020, October 10). The Importance of Writing Skills. European Union Blog. https://epale.ec.europa.eu/en/blog/importance-writing-skills.*
12. *Busacay, Aries L.; Jaravata, Mariar T.; Malanom, Marlet V.; Mamuyac, Clarence Jr. E. & Eguia, Maria Lourdes G. (2025). Kasanayan sa Paggamit ng mga Bantas ng mga Mag-aaral sa Grade 11. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol. 5, Issue 1, pp. 206 – 215.*
13. *Cabigao, Joey R. (2021). Improving the Basic Writing Skills of Grade 7 Learners in Filipino: An Action Research in Filipino Language. International Journal of Education, Vo. 9, Issue 3, pp. 67 – 71.*
14. *Defazio, Joseph; Jones, Josette; Tennant, Felisa and Hook, Sara Anne. (2010). Academic Literacy: The Importance and Impact of Writing Across the Curriculum- A Case Study. Journal of Scholarship of Teaching and Learning, Vol. 10, No. 2, pp. 34 – 47.*
15. *Department of Education. (2016). K to 12 Curriculum Guide para sa Asignaturang Filipino. Department of Education.*
16. *Dhadhodara, Nitinkumar & Josh, Bharat. (2018). The Writing Attitude of Higher Education Students. Horizon Holistic Education, Vol. 4, Issue 3-4, pp. 111 – 120.*
17. *Dhanya, M. and Alamelu, C. (2019). Factors Influencing the Acquisition of Writing Skills. International Journal of Innovative Technology and Exploring Engineering, Vol. 8, Issue 7, pp. 259 – 263.*
18. *Discaya, Rejoice B. & Marbella, Felisa D. (2021). Pagsusuri sa Pagsulat ng TechVoc Strand sa Senior High School tungo sa Pagbubuo ng Rehistro ng Wikang Filipino. International Journal of Research Studies in Education, Vol. 10, No. 8, pp. 25 – 34.*
19. *Emfimo, Miguelito B., Silor, Faith Stephanny C. & Silor, Adelfa C. (2024). Best Practices in Promoting Gender Equality in the Philippine Education. The Southeast Asian Conference on Education 2024, Official Conference Proceedings.*
20. *Espiritu, Jennyfer B. & Acerit, Marina D. (2024). Estratehiya at Kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Senior High School: Batayan sa Pagbubuo ng Estratehiya ng Pagtuturo ng Akademikong Pagsulat. International Multilingual Journal of Science and Technology, Vol. 9, Issue 7, pp. 7451 – 7461.*
21. *Felipe, Cecille S. (2020, December 16). Study Finds Pinoy Students Lagging in Reading, Writing, Math – Senator. Philippine Star Online News. https://www.philstar.com/headlines/2020/12/06/2061805/study-finds-pinoy-students-lagging-reading-writing-math-senator.*
22. *Flower, L., & Hayes, J. R. (1981). A Cognitive Process Theory of Writing. College Composition and Communication, Vol. 32, No. 4, pp. 365 – 387.*
23. *Hajan, Bonjovi H.; Hajan, Brenfel, C.' Artes, Rosalio Jr.; Jackaria, Potchong M.; Mastul Al-Rashiff H.; Derramas, Clarissa A.; & Sali, Fatima Zahra V. (2024). Analysis of the Writing Quality of Senior High School Students' Research Introduction. International Journal of Learning, Teaching and Educational Research. Vol. 23, No. 5, pp. 219 – 238.*
24. *Hikmah, Nur; Akmal; and Buffe, Francia T. (2019). Writing Skills of Junior High School Students of the University of Saint Anthony, Iriga City, Philippines. Advances in Social Science, Education and Humanities Research, Vol. 370, pp. 35 – 36.*
25. *Judith, Vanessa Joy Z. (2022). English Writing Composition Skills among Education Students. Globus Journal of Progressive Education: A Refereed Research Journal, Vol. 12, No. 1, pp. 13 – 21.*
26. *Kemalsyah, M.; Solehuddin, Moh.; Hariyadi, Ahmad,; Jenuri; Suwarma, Dina Mayadiana. (2022). An Analysis of Factors that Affects EFL Students' Writing Skills. Qalamuna-Jurnal Pendidikan, Sosial, dan Agama, Vol. 14, No. 2, pp. 869 – 876.*
27. *Kim, Songeui; Yang, Ji Won; Lim, Jaeseo; Lee, Seunghee; Lhm, Jungjoon; at Park, Jooyong. (2021). The Impact of Writing on the Academic Performance of Medical Students. BMC Medical Education, Vol. 21, No. 61, pp. 1 – 8.*
28. *Labarrete, Rufo A. (2019). Scaffolding Writing Skills in the K-12 Curriculum. PUPIL: International Journal of Teaching, Education and Learning, Vol. 3, No. 1, pp. 205 – 219.*
29. *Martinez, Vanneza Calre G. (2019). The Performance of SHS Learners in Writing Scholarly Research with Aid of Instructional Scaffolding. International Peer Reviewed Journal, Vol. 38, pp. 110 – 124.*
30. *Mauricio, Michael C. & Genuino, Cecilia F. (2020). Writing Performance and Attitude of ESL Learners Engaged in Smartphone Assisted Collaborative Activity. LEARN Journal: Language Education and Acquisition Network Journal, Vol. 13, Issue 2, pp. 445 – 468.*
31. *Mortaji, Latifa El. (2019). Insights into Gender Effect on EFL Writing Strategies in the Narrative and Expository Genres: A Case Study of Multilingual College Students in Morocco. International Education Studies, Vol. 12, No. 1, pp. 136 – 145.*
32. *Murray, D. M. (1985). A Writer Teaches Writing: A Practical Guide to the Writing Process. Boston: Houghton Mifflin.*
33. *Nagode, Gabrijela P.; Pizorn Karmen; and Karozec, Zan. (2023). The Demographic Factors Affecting the Writing Skills of Slovenian Year 6 EFL Students. ELOPE: English Language Overseas Perspective and Enquiries, Vol. 20, No. 1, pp. 187 – 201.*

SJIF Impact Factor (2025): 8.688| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 10 | Issue: 5 | May 2025 - Peer Reviewed Journal

34. *Paker, Turan, & Erarslan, Ali. (2015). Attitudes of the Preparatory Class Students towards the Writing Course and their Attitude-Success Relationship in Writing. Journal of Language and Linguistic Studies, Vol. 11, Issue 2, pp. 1 – 11.*
35. *Prudencio, Jemuel B. (2024). Meta-discourse Markers in Constructed Learner Corpus of English Academic Text. Unpublished Thesis, Isabela State University-Echague, Isabela.*
36. *Ramos, Eduardo Teodoro B. at Gatcho, Al Ryanne G. (2020). Common Writing problems and Writing Attitudes among Freshman University Students in Online Learning Environment: An Exploratory Study. Journal of Translation and Language Studies, Vol 1, No. 1, pp. 49 – 66.*
37. *Reforsado, Mariz B. (2024). Syntactical Structure Competence and Written Discourse Performance of Senior High School Students: Basis in Designing Genre-based Language Instructional Materials. Unpublished Thesis, Isabela State University-Echague, Isabela.*
38. *Saavedra, Analyn D. (2018). Technology Engagement and Writing Skills: An Analysis among Elementary-Grade Filipino Learners. Webology, Vol. 15, No. 1, pp. 125 – 131.*
39. *Saavedra, Analyn D. at Barredo, Cheryl P. (2020). Factors that Contribute to the Poor Writing Skills in Filipino and English of the Elementary Pupils. International Journal of Innovation, Creativity, and Change, Vol. 15, Issue 5, pp. 1090 – 1106.*
40. *Trasporte, Angelina R.; Borong, Freda G.; Mones, Jinky G.; Padillo, Gengen G.; Manguilimotan, Ramil P.; Espina, Raymond C.; Capuno, Janneka Fae C.; & Capuno, Reylan G. (2023). Examining the Interest and Readiness in Writing among the Young Learners from the Three Public Elementary Schools in the Philippines. Journal of Positive School Psychology, Vol. 7, No. 1, pp. 1017 – 1029.*
41. *Ulit, Jhonathan L. (2018). Writing Errors of Grade Nine Students: Basis for Sentence Writing Module. International Peer Reviewed Journal, Vol. 2, pp. 9 – 30.*
42. *University of Arizona. (2023, June 20). The Importance of Writing Well and How to Grow as a Writer. The University of Arizona Global Campus Blog. https://www.uagc.edu/blog/the-importance-of-writing-well-how-to-grow-as-a-writer.*
43. *Urbano, Cielo May; Gumangan, Ma. Angelica; Gustilo, Leah; at Capacete, Ma. Pamela A. (2021). Reading and Writing Needs of Senior High School Students: The Case of Filipino Students in the Philippines. Modern Journal of Studies in English Language Teaching and Literature, Vol. 3, Issue 1, pp. 140 – 166.*
44. *Varona, Fe A. & Mandado, Juliet O. (2022). Elektronikong Kagamitang Linangan sa Integratibo tungo sa Kasanayan (E-KLIK) sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino. International Journal of Research Studies in Education, Vol. 11, No. 6, pp. 89 – 97.*
45. *Zheng, Wensha. (2022). The Impact of Planning Participatory Structure on EFL Learners' Planning Process. IRA-International Journal of Education & Multidisciplinary Studies, Vol. 18, Issue 03, pp. 123 – 137.*